

# PROLOGUE

*Five years ago...*

Excited si Roanne sa kanyang debut party nang gabing iyon. Nakahanda na ang gown na isusuot niya para sa kanyang cotillion. Ang saya-saya niya nang araw na iyon dahil isa sa mga magsasayaw sa kanya sa eighteen roses ay si Ralph Laperal. Ito ang unang lalaking naging crush niya at itinuturing niyang first love kahit pa one-sided lang; na siya lamang ang nagmamahal.

Thirteen years old pa lamang siya ay may crush na siya sa binata. Kabarkada ito ng kanyang Kuya John at tatlo silang matalik na magkakaibigan—si John Villamor, si Ralph Laperal at si Jason San Diego. ‘Mucho Guwapito Trio’ ang tawag sa grupo ng tatlong lalaki noong high school at college maging sa kasalukuyan na nagtatrabaho na ang mga ito.

Sampung taon ang agwat ni Roanne sa kanyang Kuya John, kaya noong trece años siya ay beinte-tres na ang mga ito. Mag-uumpisa pa lamang siya ng high school ay nakatapos na ang mga ito ng colegio at nagtatrabaho na. Kaya naman little sister ang tingin sa kanya hindi lamang ng kanyang kapatid kundi

maski nina Ralph at Jason.

‘Baby Doll’ ang palayaw ng mga ito sa kanya dahil mukha raw siyang life-size walking doll noong toddler pa siya. Feeling niya, sobra siyang espesyal dahil sa atensyon na ibinibigay sa kanya ng tatlong lalaki. Dalawa lamang silang magkapatid at namatay na ang kanilang ina, kaya naman halos si John ang nagpalaki sa kanya dahil busy sa trabaho ang kanilang ama.

Trece años si Roanne nang makaramdam siya ng kakaiba kay Ralph. Noong una ay inilihim niya ang kanyang crush dito sapagkat hindi niya alam kung paano niya ive-verbalize ang kanyang saloobin sa isang lalaking tinuring siyang kapatid. Natatakot siyang baka pagtawanan lamang siya nito, kaya kinubli niya ang kanyang damdamin para kay Ralph.

She was distraught when he introduced his girlfriend Jenine to her. Kaagad siyang tumakbo patungo sa kanyang silid at doon ay nagkulong siya nang dalawang araw at wala siyang ginawa kundi ang umiyak nang umiyak. Kinuha niya ang mga litrato ni Ralph at pinagpupunit niya iyon. Pati ang stuffed toys na mga regalo nito sa kanya ay pinaghahagis niya sa dingding ng kanyang kuwarto.

Nang kumatok si John sa kanyang kuwarto

nang pangalawang araw at nakita nito ang estado ng kanyang silid ay nagtanong ito kung ano ang problema niya.

“What’s wrong, Baby Doll?”

“Si Ralph kasi, dinala ’yung girlfriend niya, I hate him, Kuya. I really hate him!” angil niya.

Niyakap nito ang kapatid. “Shh... Roanne, tahan na. Bakit, may crush ka ba kay Ralph, Baby Doll?” bulong nito.

“Kuya, I love him at hindi siya puwedeng magkaroon ng ibang girlfriend, ako lang dapat. He should wait for me to grow up!”

Inalo lang siya ni John. “Roanne, kalimutan mo na si Kuya Ralph mo. He’s too old for you at isa pa, you’re not allowed to have a boyfriend until you’re thirty-five, okay?”

“Kuya, thirty-five? You’re kidding, right? And I won’t forget Ralph dahil siya talaga ang magiging asawa ko and that’s final!”

“Tama na ’yan, Baby Doll, at magagalit na sa iyo si Kuya. Enough tantrums or else hindi mo na talaga makikita si Ralph. If you insist on your feelings for him, ako na mismo ang tatalikod sa friendship namin

ni Ralph, so don't get those silly ideas on your head that you will marry him, got it?" mariing pakiusap nito.

Humikbi siya. "You can't mean that, Kuya! I'll surely die if I don't see him again."

"Infatuated ka lang, Baby Doll. True love doesn't happen when you're just thirteen. In time, makakalimutan mo din siya. Ralph doesn't see you as a girlfriend material; he only sees you as a baby sister and you have to keep that in mind, okay?" mahinahon na paliwanag ni John sa kapatid.

"No! I *know* what I feel. Hindi ako magboyfriend ng iba dahil kay Ralph lang ang puso ko. He will be my one and only love!" matapang na pahayag ni Roanne.

"Baby Doll, you're much too young to make that kind of promise. Twenty-three na si Ralph and Jenine is just one of his many girlfriends, baka magseryoso na siya at mag-asawa na din. So don't get your hopes too high or you'll only get your heart real broken and I don't want that to happen to you," prangkang tugon ng lalaki.

Lalo lamang umatungal si Roanne sa sinabi ng kapatid, pero hindi niya napigilan na tutulan ang

sinabi nito. “No, Kuya. My heart belongs only to Ralph and one day I will walk down the aisle and I’ll marry him. At hindi mo ’yun mapipigilan!” aniya habang humihikbi.

“Sige na, tigil na sa pag-iyak. Let’s talk about this in fifteen years. Sa ngayon, focus ka lang sa pag-aaral mo, ha,” ani John na pilit na kinakalma ang kalooban niya.

“Don’t call me ‘Baby Doll’ anymore, Kuya, I’ll only answer to Roanne from now on and don’t baby talk me as well. Kahit thirteen lang ako ay alam ko na ang gusto ko sa buhay at ’yun ay ang maging misis ni Ralph. Now, Kuya, kindly leave my room. I need to be alone!”

Tumayo si John at marahan nitong hinagkan ang noo ng kapatid. “Good night,” anito at bago nito isinara ang pinto ay marahan itong bumulong, “I love you, Baby Doll, don’t grow up too fast.”

---

“Baby Doll, halika at mag-usap tayo sandali. May pasalubong din ako sa iyo,” malambing na pakiusap ni Ralph kay Roanne isang araw.

“Pasalubong?”

“Oo, galing lang ako ng Hongkong at ibinili kita ng mga paborito mong *Hello Kitty* items,” nakangiting wika nito at iniabot sa kanya ang isang paper bag na punung-puno ng mga pasalubong.

“Kuya Ralph, thank you for this,” nakatungong sabi niya at dahan-dahan siyang umupo sa tabi nito sa sofa.

“Okay lang ’yun, Baby Doll. Talagang hinanap ko pa ’yan dahil alam kong matutuwa ka, but by the looks of it, parang hindi naman. Why, Roanne? May problema ba?” worried na tanong nito.

“I’m okay, Kuya. Thank you talaga dito sa mga pasalubong, but what makes me sad these days is knowing that you already have a girlfriend. I really like you, Kuya Ralph,” prangkang pag-amin ng dalagita.

“Roanne, I’m flattered that you like me. I’m honored na ako ang una mong crush, but please don’t take it seriously. Puppy love lang ’yan; it will soon pass, believe me. May darating na iba na mas magugustuhan mo pa,” mahinahong wika ni Ralph.

“Hindi porque’t bata ako ay hindi ko na alam ang nararamdaman ko. I’m not a child anymore na makukuha sa candy at chocolate. Darating ang araw

na papatunayan ko sa iyo na I was born to be with you. Hintayin mo lang magdalaga ako!” matapang na tugon niya.

“Siya, siya. Roanne. Huwag ka nang magalit, okay? Basta mag-focus ka sa pag-aaral mo at tuparin mo ang mga pangarap mo sa buhay at kami naman ay nandito lang para sa iyo.”

“You’ll wait for me to grow up, Kuya Ralph?”

Hindi sumagot ang lalaki kundi ay humalik lang sa noo ni Roanne. She felt happy at that moment because he didn’t reject her outright. Nabuhay ang pag-asa sa puso niya at alam niyang mananatili siyang faithful dito hanggang magdalaga na siya. She couldn’t wait to be an adult. She couldn’t wait to be with him.

---

At dumating na ang araw na pinakahihintay ni Roanne. Sa wakas ay eighteen na siya. Pakiramdam niya ay malaya na siyang umibig at ibigin ni Ralph.

Labis ang naging saya niya nang marinig niya sa isa sa mga usapan ng tatlo ang tungkol sa paghihiwalay ni Ralph at ng nobya nito nang mga panahon na iyon na si Rosemarie. Pero kasabay ng saya ay lungkot din dahil nakita niya kung paano

nagdalamhati ang lalaki.

Sobra siyang excited dahil sa wakas ay may pagkakataon na siyang muling ipahayag ang kanyang damdamin. Sa tingin niya ay dininig na ng Diyos ang kanyang dasal na sila pa rin ni Ralph ang magkakatuluyan. Kaya hiniling niya sa kanyang Kuya John na maging last dance niya ang kaibigan nito.

“Bakit si Ralph? Akala ko ba naka-move on ka na sa kanya?” nakakunot ang noong tanong ng kapatid.

“Ay, Kuya, huwag mong lagyan ng malisya. Siyempre siya ’yung kauna-unahan kong crush kaya espesyal siya, ’yun lang naman,” dahilan niya.

“Basta past na, ha? Ayokong mabalitaan na nagbabalik ang feelings mo sa kanya.”

“Duh! Kuya, ano ka ba? Siyempre wala na ’yun,” kunwa’y dedma lang na pahayag niya.

Kinikilig si Roanne dahil dumating na ang oras na pinakahihintay niya. Nakangiting lumapit si Ralph na may dalang rosas para sa sayaw nila.

“Happy Birthday, Baby Doll!” anito, sabay pag-abot ng rosas sa kanya at saka hinalikan siya sa kanyang pisngi.

“Thank you, Ralph,” nakangiting sagot niya.



“Hep, hep! Bakit ‘Ralph’ na lang ang tawag mo sa akin? Bakit wala nang ‘Kuya?’” anito sa tonong nangangaral.

“Eighteen na ako, Ralph, of legal age na. Siguro naman dapat tratuhin mo na din akong dalaga at hindi na bata. And please stop calling me ‘Baby Doll!’” confident na sagot ng debutante.

“I can’t stop calling you that, Baby Doll. Alam mong itinuring na rin kitang baby sister ko. We three practically raised you up!” natatawang wika nito.

“Can’t you treat me as an equal since I’m a grown-up now?”

“Roanne, you will always be my Baby Doll regardless kung forty years old ka na. Kahit lola ka na’y ‘Baby Doll’ ka pa din para sa akin,” nakangiting turan ng binata.

“Paano kapag kasal na tayo, ‘Baby Doll’ pa din tawag mo sa akin?” nakangiting tanong niya.

“Oh, Roanne, we can never be married,” sagot nito.

“What? Ang akala ko hihintayin mo akong magdalaga, akala ko nag-usap na tayo tungkol diyan,” mangiyak-ngiyak na wika niya.

“Roanne, I never promised you that. At lalong hindi tayo p’wedeng magpakasal dahil nag-propose na ako ng kasal kay Rosemarie.”

“Magpapakasal na kayo? Di ba break na kayo?”  
maluha-luhang tanong niya.

“Nagkabalikan na kami noong isang linggo at hindi na ako nagdalawang-isip na mag-propose sa kanya. We’re going to get married next year.”

Nagulantang si Roanne sa ibinalita ng kausap. Tila iyon isang bombang sumabog sa kanyang pandinig. Kaagad siyang bumitaw rito at nagtatakbo palabas ng ballroom, iniwan ang sariling debut party. Her life was ruined. She just lost Ralph and she would never be happy again....

# 1

*Five years later....*

Pauwi si Roanne sa Manila mula sa Los Angeles matapos manirahan doon sa loob ng limang taon. Magkahalong kaba at excitement ang kanyang nararamdaman nang mga sandaling iyon. Uwi siya para dumalo sa kasal ng kanyang Kuya John sa nobya nitong si Ruth.

Pagkatapos ng kanyang debut ay kaagad siyang nagpunta sa Amerika. Hiniling niya kay John na roon na lamang niya ipagpapatuloy ang kanyang pag-aaral para makalimutan na niya nang tuluyan si Ralph. Hindi naman tumanggi ang kapatid at makalipas lamang nang ilang linggo ay nakasakay na siya ng eroplano patungo sa land of milk and honey upang doon ay magsimula uli ng panibagong buhay na malayo sa kalungkutan at kabiguan niya sa Maynila.

At doon naranasan ni Roanne kung paano mamuhay nang mag-isa. Nag-mature at naging independent siya sa Amerika. Napatunayan niyang kaya na niyang tumayo sa sariling paa. Nakapagtapos siya ng pag-aaral at ngayon ay isa na siyang working girl sa LA.

Madami siyang naging suitors doon pero hindi niya pinansin ang mga iyon dahil sa tingin ng dalaga ay hindi niya na kayang umibig pa ulit. Hiniling niya sa kanyang pamilya at mga kaibigan na magkaroon ng news blackout tungkol kay Ralph para mapadali ang paglimot niya rito at nang mabura na ito nang tuluyan sa kanyang puso. Pero nahirapan pa rin siyang gawin iyon.

Hanggang dumating sa buhay niya si David, isang Fil-Am na talagang nagpursiging ligawan siya. Hindi ito tulad ng ibang lalaking nakilala niya. Dahil sa lumaki ito sa Pilipinas ay naroon pa rin ang pagnanais nito na maligawan siya at hindi lang mai-date. Noong una ay hindi pinapansin ni Roanne ang lalaki dahil wala na talaga sa bokabularyo niya ang pag-ibig. Pakiramdam niya ay drained na ang puso niya dahil sa mahabang panahong paghihintay niya sa wala kay Ralph pero eto si David na matiyaga siyang niligawan.

The man had all the qualities of an ideal husband-to-be, but Roanne was hesitant to give him a chance. Madalas siyang itulak ng kanyang mga kaibigan na i-entertain niya ang panliligaw nito pero naging mailap pa rin siya.

Naging patient naman si David sa pagsuyo sa

kanya. Unti-unti ay nahulog ang loob niya rito, pero tulad ng dati ay urong-sulong siya. Para bang may invisible force na pumipigil sa kanya na sagutin ito.

Ang totoo ay si Ralph pa rin ang nasa isip at puso niya. Walang araw na hindi niya naiisip ito. At kahit lumipas na ang limang taon ay hindi pa rin nawaglit sa kanyang puso ang unang lalaking kanyang minahal. Kahit pa mariin niyang sinabi sa mga kaibigan maging sa kanyang Kuya John na naka-move on na siya ay alam ni Roanne na may pagtatangi pa rin siya para sa lalaking iyon. Ayaw niya lang umamin; wala namang patutunguhan ang kanyang damdamin para rito.

Kaya nga makaraan ang ilang linggo ay nagpasya siyang makipag-date kay David. Wala pa silang pormal na relasyon pero ilang beses na silang lumabas at masasabi niyang napakabait at pasensyoso talaga nito. Alam niyang malinis ang intensyon nito sa kanya, kaya hindi siya nangambang isugal nang unti-unti ang kanyang puso sa lalaki.

Sa pagbabalik-bansa niya ay ipapakita niya sa lahat na sophisticated at matured twenty-four-year-old lady na siya at hindi na isang whining eighteen-year-old na nag-walk out sa sarili niyang debut. Papatunayan ng dalaga na hindi na siya bata at

independent-minded na siya.

Hindi alam ni Roanne kung ano ang magiging reaksiyon niya kapag nagkita na sila ni Ralph. Alam niyang given na ang paghaharap nila, ang sisiguraduhin lang niya na hindi siya magpapakita ng emosyon dito. She would act nonchalantly. In other words, dedma na siya kay Ralph. She would show him that he no longer play a part in her life. Dahil iyon naman ang totoo.

---

Nang makalabas na siya ng airport ay kaagad siyang nagtungo sa taxi stand. Habang naghihintay sa pila ay suminghap muna si Roanne ng hangin at napangiti. It felt good to be back home. Iyon ang nasa isip niya. Napapikit siya. Hindi niya akalain na sobrang na-miss niya pala ang Maynila. Nang buksan niya ang kanyang mga mata ay halos mapatalon siya sa gulat.

“Welcome back, Roanne,” nakangiting bati ni Ralph.

Napalunok siya. Pakiramdam ng dalaga, parang nawala ang kanyang poise. Nanlaki ang kanyang mga mata at bumilis ang tibok ng puso nang makita niyang muli ang kanyang first love. Kulang na lang

ay tumalon siya sa mga bisig nito at yakapin ito nang buong higpit. Mabuti na lamang at napigilan niya ang kanyang sarili.

“Ralph? Ano ang ginagawa mo dito?” nalilitong tanong ni Roanne.

“I came to pick you up,” sagot nitong nakangiti.

“Hindi mo naman kailangang gawin ito, I was just waiting for a cab to bring me to the hotel,” may pagkasupladang tugon niya.

“So, ano ang gusto mong gawin ko? Should I just turn my back now and leave you here all alone?” nakasimangot na tanong nito.

“Bahala ka!” At tumalikod na ang dalaga.

“Akala ko, Roanne, na pagkatapos ng limang taon ay nag-mature ka na, pero asal-bata ka pa rin pala!” nang-iinis na turan ni Ralph.

Biglang napalingon si Roanne at parang nahiya siya sa sarili. Dahil mukhang nabigo siyang ipakita sa lalaki na nagbago na siya.

“Hindi na ako bata, Ralph, but you seem to bring out the brat in me. Maybe it’s because I know I will just be rejected by you kaya defensive ako, so I’m sorry if you feel that way. Pasensya na at naabala ka

pa. But rest assured that I can take care of myself,” mahinahong tugon niya at muling tumalikod saka naglakad palayo kay Ralph.

Nakakailang hakbang pa lamang si Roanne nang maramdaman niya ang paghawak ng lalaki sa kanyang siko. “Okay, I get your point. Tapusin na natin ang diskusyon na ito at ihahatid na kita,” anito.

“Ang sabi ko, I can take care of myself,” giit niya.

“Roanne, it’s five a.m. in Manila. Mag-isa kang babae na sasakay sa taxi at galing ka pa sa ibang bansa. Hindi mo ba alam na ang mga katulad mo ang mga target ng mga masasamang-loob na gumagala sa lugar na ito? Ngayon kung gusto mong makidnap, ma-rape o ma-holdap then be my guest!” tila pananakot ng kausap at ito naman ang tumalikod sa kanya.

Kaagad siyang kinabahan dahil sa mga sinabi nito. She may be independent in L.A. but she was not familiar in Manila. Hila-hila ang kanyang luggage ay nagmadali niyang sinundan si Ralph.

“Ralph, wait!” sigaw niya rito, pero hindi ito lumingon sa kanya. Subalit patuloy pa rin siya sa paghabol at pagtawag dito. Hanggang makarating sila sa tawiran at doon lamang siya nilingon ng lalaki.

“Akin na ang bagahe mo at ako na ang bubuhat,”



seryosong wika nito.

“I can manage,” aniya.

Pinandilitan siya nito. “Roanne, I’m slowly losing my patience here. Hand me your luggage and follow me!”

Bigla siyang natakot dahil sa bahagyang pagtaas ng boses ni Ralph. Dagli siyang tumalima sa utos nito. Sumunod siya rito sa parking area hanggang makarating sila sa isang berdeng *Range Rover*.

Binuksan nito ang likod ng SUV at doon inilagay ang kanyang bagahe. Pagkatapos ay binuksan ng lalaki ang passenger seat at inalalayaan siyang makasakay dahil may kataasan ang upuan. Nakaramdam siya ng pamumula ng pisngi nang hawakan ni Ralph ang kanyang kamay. Hindi niya inakala na ganoon pa rin ang magiging reaksyon niya rito.

His mere presence caused her heart to palpitate and make her lose her poise. She suddenly felt like an emotional wreck because he was with her. She psyched herself to act more confidently and more mature so Ralph wouldn’t think that she still liked him.

Nang umandar na ang sasakyan ay tahimik lamang sila hanggang magtanong ang kanyang

katabi.

“How was your trip?”

“Exhausting,” simpleng sagot niya.

“Kamusta naman ang buhay mo sa L.A.?”

“Liberating,” one-liner na sagot niya habang nakatingin sa labas ng bintana at tinitingnan ang mga billboards na naglipana sa buong Maynila.

“Ang love life mo, kamusta naman?”

“Exciting and thrilling,” pilyang sagot niya.

Muntik nang sumubsob ang dalaga dahil sa biglang pagpreno ni Ralph.

“Ano ba ’yan! Wala namang traffic, bakit bigla kang nagpreno?” inis na tanong niya.

“Uhm... meron kasing pusang tumawid,” dahilan nito.

Napataas lamang ang kilay ni Roanne. Lihim siyang napangiti dahil alam niyang nagdadahilan lamang ito.

“So may boyfriend ka na nga?”

“Oo naman. Lots of guys lined up to date me, but I found the perfect guy so ayun, boyfriend ko na siya.”

“That’s good,” anito at napansin niya ang tila paghigpit ng paghawak nito sa manibela.

“Yes, alam kong magugustuhan din ni Kuya si David, Filipino din siya at successful na din sa Amerika. He’s very religious and family-oriented din, an ideal husband material,” pagmamalaki ni Roanne sa mga katangian ni David.

“So ibig bang sabihin, nag-iisip ka na ding magpakasal?” tila nanunubok na tanong ng kausap.

“Well, kung magpo-propose siya, I won’t hesitate to say yes,” tugon niya.

Ang totoo, malayung-malayo pa iyon sa kanyang isip. Gusto niya lang iparating kay Ralph na talagang nakalimutan na niya ito. To the max ang kanyang acting na super duper in love siya kay David para hindi na ito manghinala na may feelings pa siya para rito.

“Mahal na mahal mo talaga itong David na ito? Kilalang-kilala mo na ba siya? Baka mamaya may mga dark secrets pala ’yang lalaking ’yan,” ani Ralph.

Sarkastikong tumawa ang dalaga. “Stop acting like a brother, Ralph. Malaki na ako at alam ko na ang ginagawa ko. Also please stop treating me like a baby, too. And enough of the twenty questions,

okay?” naiinis na wika ni Roanne.

“I’m just concerned about you, Baby Doll. Sorry kung naging pakialamero ako. I only have your best interest at heart.”

“Stop calling me ‘Baby Doll’, Ralph. It doesn’t suit me anymore.”

“You will always be my Baby Doll, Roanne. Nothing will ever change that!” At tumingin ito nang ubod ng tagal sa kanya. Kaagad na umiwas si Roanne sa mga tingin nito at iniba ang usapan.

“Eh, puwede ba akong magtanong sa iyo?”

“Go ahead,” anito.

“Kamusta ang buhay may-asawa, Ralph? Ilan na ba ang mga anak n’yo ni Rosemarie?” magiliw na tanong niya, pero ang totoo ay nalulungkot siya habang tinatanong niya iyon.

“Our wedding didn’t push through.”

## 2

Nanlaki ang mga mata ni Roanne sa narinig mula kay Ralph. Naghalong pawis at lamig ang naramdaman ng kanyang buong katawan at hindi siya kaagad nakapagsalita at napanganga lamang siya.

“Close your mouth, Roanne. It’s not proper for a lady like yourself to act that way,” saway ng lalaki.

Kaagad niyang isinara ang kanyang bibig, pero nakatulala pa rin siyang nakatitig sa katabi.

“It’s also rude to stare, Roanne,” puna nito.

At kaagad niyang inalis ang tingin sa mukha ni Ralph at ipinako na lamang sa manibela ang kanyang pansin.

“Hindi kayo nagpakasal? Why? Ano’ng nangyari? Did you marry another girl? Why wasn’t I informed about this?” sunud-sunod na tanong niya.

Napaismid ito sa tila pagkataranta niya. “Ang dami mong tanong, Roanne. I think it’s not the right time to answer all your questions,” paiwas na sagot nito.

“What? Sasabihin mo ’yan lahat ’tapos ayaw

mong sagutin ang mga tanong ko? Sobrang unfair ka naman samantalang lahat ng tanong mo'y sinagot ko," naiinis na tugon niya.

"There's a right time and place for everything, Roanne. And remember that your Kuya John is getting married this week. Saka ko na lang ikukuwento sa iyo ang totoong nangyari sa amin ni Rosemarie."

"So you will keep me in suspense about what happened? Baka atakihin ako sa puso niyan. You cannot drop that kind of bomb and expect me to just shrug it off," kontra ng dalaga.

"Mahalaga pa bang malaman mo ang nangyari sa amin?" tanong nito.

"Ralph, lumaki akong kasama kayong tatlo nina Kuya John at Kuya Jason, natural lang naman na maging interesado ako sa mga naging buhay n'yo, di ba? After all, five years is a long time to be away at curious lang akong malaman ang mga nangyari sa mga buhay n'yo," dahilan ni Roanne.

"Akala ko ba may news blackout ka at ayaw mo nang makibalita tungkol sa akin?"

"Dati 'yun dahil heartbroken ako sa iyo. Now I'm back and I can say that I'm way past the heartbreak you caused. At dahil ikaw na din ang nagbukas ng

topic na 'yan, unfair naman yata kung ibitin mo lang ang kuwento mo,” tugon niya.

“Roanne, sana maintindihan mo kung bakit ayoko nang idetalye pa ang lahat. It’s much better to just leave the past where it belongs,” malungkot na pakiusap ng binata.

“Hindi mo kailangang idetalye. Gusto ko lang malaman ang buod ng pangyayari. Siguro naman hindi na masama 'yun?”

“P’wede bang i-save na lang natin ang mga balitaan sa mga darating na araw? Kakarating mo pa lang at ayokong i-dampen ang spirit mo by telling you my sad story. Anyway, ihahatid ba kita sa bahay n’yo sa San Lo?”

“Sa hotel na lang, Ralph. Mamaya na ako pupunta ng bahay,” nakasimangot na sagot niya.

“Don’t pout, Roanne. Hindi ko naman ililihim ito sa iyo, gusto ko lang i-postpone ang pagkuwento. This week is all about Ruth and John, doon ka na lang mag-focus,” anito.

“Fine. Kung ayaw mong mag-share, eh, di huwag.”

Dumating sila sa hotel at kaagad na bumaba si

Roanne. Sumunod si Ralph sa pagbaba ng sasakyan. Ibababa sana nito ang luggage niya, pero may bellboy na sumalubong sa kanila.

“Pakikuha na lang ’yung luggage sa likod. I will just be at front desk to check in,” aniya. Tumingin siya kay Ralph. “Salamat sa pagsundo at paghatid mo sa akin. I guess I’ll just see you at the wedding,” sabi niya at naglakad na papasok ng hotel nang hindi na muling lumingon sa kinatatayuan nito.

Hinintay ni Roanne na sundan siya ng lalaki, pero nang lumingon siya ay nakita niyang sumakay na ito ng *Range Rover* at umalis ng hotel.

---

“Roanne, it’s nice to see you again. Bakit hindi ka nagpaabiso na darating ka pala ngayon? Ang akala ko ay bukas pa, di sana nasundo kita sa airport,” gulat na sabi ni John nang dumating ang dalaga sa bahay nila sa *San Lorenzo Village*.

“Nag-email ako sa iyo noong isang araw at sinabi ko ang flight details ko. Sinabi ko din na no need to fetch me dahil magta-taxi na ako papunta ng hotel. I never received a reply from you,” paalala niya.

“Sorry but I guess it slipped my mind. Sorry, Baby Doll,” anito, sabay yakap sa kapatid.



“It’s okay, Kuya. Si Ralph naman ang sumundo sa akin, eh, pero paano niya nalaman ang flight details ko?” nagtatakang tanong ni Roanne.

“Si Ralph ang sumundo sa iyo?” gulat na tanong nito. “Oh, nasabi ko kasi kina Jason at Ralph na uuwi ka, tinanong ni Ralph kung anong airline ka sasakay. He’s working as an EVP sa airline na ’yun, kaya siguro nakuha niya ang flight details at manifesto kung saan ka eroplanong lulan,” paliwanag nito.

“Pero bakit niya kailangang gawin ’yun?”

“Baka gusto niyang masiguro na safe kang makakalabas ng airport. At alam din niya na super busy na kami ni Ruth at baka makaligtaan ko ang pagsundo sa iyo, kaya siya na ang nagkusang sunduin ka.”

“Bata pa din talaga ang tingin niya sa akin, ’no? Para bang hindi ko makakayanan ang kahit simpleng bagay lang,” iiling-iling na sagot ni Roanne.

“Hey, Baby Doll, kahit na ano pa’ng sabihin mo’y ikaw pa din ang little brat sister naming tatlo nina Jason at Ralph, kaya overprotective kami sa iyo,” nakangiting tugon nito.

“Pero teka, Kuya, bakit hindi mo ibinalita sa akin na hindi pala natuloy ang kasal nina Ralph at

Rosemarie? Ano ba ang nangyari sa kanila?”

Nanlaki ang mata ni John sa tanong ng kapatid. “Paano mo nalaman ’yan?”

“Sinabi niya sa akin kanina, pero ang hindi niya sinagot ay kung ano ang nangyari at hindi sila nagkatuluyan. P’wede bang ikaw na lang ang magkuwento sa akin?” hiling ni Roanne.

Kaagad siyang inakbayan nito. “Ay naku! Tama bang si Ralph ang pag-usapan? Saka na ’yan. Ang importante ay ang pag-asikaso sa mga last-minute details ng kasal ko. Make sure na mag-coordinate kayo ni Ruth para sa fitting ng gown mo dahil sa sukat na pinadala mo lang binase ang paggawa ng gown,” paiwas na sagot nito.

“Kuya!” parang batang daing niya.

“Roanne, di ba sa bibig mo na nanggaling na ayaw mo nang marinig pa ang pangalan ni Ralph at ikaw ang nag-impose ng news blackout tungkol sa kanya? Bakit ngayon gustong-gusto mong malaman ang nangyari sa kanila ni Rosemarie?”

“Kuya, heartbroken ako n’un kaya ako nagbitiw ng gan’ung mga salita, pero ngayon iba na ang sitwasyon. Kaya please lang, sagutin mo na lang ang tanong ko,” tila napipikon nang pakiusap niya.

“Roanne, isang babala lang. Hindi porque’t nalaman mong binata pa pala si Ralph ay hahabul-habulin mo na siya ulit. Ngayon pa lang sinasabi ko na, off-limits pa din si Ralph sa iyo,” pahayag ng kapatid niya.

“Habulin agad ang nasa isip mo, di ba p’wedeng maglalakad-lakad muna kami? At saka, Kuya, adult na ako ngayon, dapat naman may tiwala ka na sa akin at dapat bigyan mo na din ako ng kalayaan na gawin ang gusto ko,” dahilan niya.

“Don’t give me that reasoning. Hindi porque’t adult ka na ay hahayaan ko na lang gawin mo lahat ng gusto mo. You’re still young and you still need my guidance. At isa pa, masasayang lang ang oras mo dahil nagdesisyon na si Ralph na maging bachelor for life kaya don’t put any ideas in your head, okay? Go look for someone else. Di ba s’abi mo may dini-date ka na sa L.A.?”

“Kuya, hindi pa kami serious ni David. We’ve just started dating recently,” nakasimangot na sagot ni Roanne.

“Tama lang din ’yan. Huwag ka munang magseryoso. Enjoy getting to know each other lang muna kayo. You have all the time in the world so don’t rush anything. Ang mahalaga ay matupad mo

ang mga pangarap mo, di ba? Love and marriage will come to you in time so don't look for it or run after it," payo ni John.

"Ay naku, Kuya! Ewan ko sa iyo. Isang tanong lang ang tinanong ko, lecture na agad ang inabot ko," naiinis na sagot niya.

"Kilala kita, Roanne. Alam kong kapag may ginusto ka'y hindi ka titigil hangga't di mo makuha 'yun. Pero ibang kaso kapag pag-ibig ang hinabol mo. Hindi maganda sa isang babae na hahabol-habol sa isang lalaki na kahit kailan ay hindi naman papahuli. So save yourself from another broken heart and pain, steer your heart away from Ralph, malinaw ba?"

Tumahimik na lamang si Roanne at hindi na nakipagdiskusyon sa kanyang kapatid. Iniba ni John ang usapan at nagbalitaan na lamang silang dalawa dahil sadyang miss na miss nila ang isa't isa.

---

"Ate Ruth, p'wede ba akong magtanong sa iyo?" ani Roanne. Nagkita ang dalawa sa salon para sa pre-wedding preparation. Masaya silang nagbalitaan hanggang naglakas ng loob siya na mag-usisa sa magiging hipag.

Tumingin ito sa kanya. "Sure," nakangiting sagot

nito.

“P’wede mo bang sabihin sa akin kung ano ang nangyari at hindi natuloy ang kasal nina Ralph at Rosemarie?”

Biglaang nabura ang ngiti sa mga labi ni Ruth at tila namutla ito sa kanyang tanong. “I’m sorry, Roanne, pero wala ako sa posisyon na sabihin ang nangyari. Basta ang alam ko, ilang linggo bago ang kanilang kasal ay nagkaroon sila ng di-pagkakaunawaan at pagkaraan ng ilang araw ay nasawi si Rosemarie,” sagot nito.

Si Roanne naman ang namutla sa ibinunyag ng kausap. Hindi siya makapaniwalang namatay si Rosemarie. Ang karibal niya noon sa puso ni Ralph ay sumakabilang-buhay na pala.